



*Editoryal*

## Labanan ang pasistang pandarahas at panunupil

**T**uluy-tuloy na dumarami at lumalawak ang hanay ng mga organisasyon at mga indibidwal sa loob at labas ng bansa na bumabatikos sa walang humpay na kampanya ng pampolitikang pamamaslang laban sa mga kasapi at lider ng mga progresibong organisasyon. Subalit lahat ng ito'y pawang inaalipusta ni Gloria Arroyo sa pagpapatindi ng pasistang pamamaslang, pandarahas at pang-aatake ng kanyang mga armadong tauhan laban sa mamamayan kasabay ng kanyang pagmaang-maangan at pagpapabalat-bunga tungkol sa "pag-iral pa rin ng demokrasya."

Nitong nakaraang mga linggo, kasabay ng marami pang pagpatay, partikular na tinarget ng mga *death squad* ng militar ang mga tumulong at tumayong saksi noong Pebrero sa imbestigasyong isinagawa ng United Nations sa laganap na pamamaslang.

Wala pang dalawang linggong nakaaalis sa bansa ang misyong pinamunuan ni Prof. Philip Alston, UN Special Rapporteur for Extrajudicial Executions, pinaslang sa Digos City si Renato Torrecampo Pacaide, isang lider magsasaka na tumulong na makapanayam ng misyon ang mga saksi at pamilya ng ilang biktima. Makalipas ang walong araw, pinaslang naman ng militar si Siche Gandinao, isang lider-magsasaka na tumestigo laban sa AFP sa naturang imbestigasyon. Nagbanta ang militar na isusunod na rin ang isa pang saksi, ang kapatiid ni Siche na si Divina.

Ang pagpatay sa mga saksi sa mga pamamaslang ay nagpapatampok sa lubos na kalupitan at kawalang-pakundangan ng mga pasistang pinuno at galamay ng rehimeng Arroyo. Desperado silang lipulin ang pinaka-



masusugid na mga pwersang naglalantad at bumabatikos sa pasistang mga krimen ng rehimeng Arroyo at iba pang mabibigat na kasalanan nito sa bayan.

Kasabay ng tuluy-tuloy na pamamaslang, lalong pinatitindi at pinapaspasan din ng rehimeng Arroyo ang katuwang nitong taktika—ang paglulunsad ng maruruming "ligal" at ekstralgal na paraan ng paninira, panggigipit at panunupil sa mga progresibong pwersa at sa mga organisasyon, partido at lider nila.

Layunin ng rehimeng Arroyo na itulak ang mga ito sa labas

**Mga tampok sa isyung ito...**

Militarisasyon sa Kamaynilaan **PAHINA 4**

Panggipit sa mga progresibo, pinag-iibayo **PAHINA 5**

Pakana laban kay Satur Ocampo sa Leyte **PAHINA 6**

ng legal at parliamentaryong laran-  
gan ng pakikibaka, pagkaitan ng  
ligalidad at epektibong abot at im-  
pluwensya sa mamamayan, at ipa-  
lala sa mga halimaw ng pasistang  
estado. Pangunahing pinag-iinitan  
ngayon ng rehimeng mga progresibong  
partido tulad ng Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela Wo-  
men's Party, lalupa't inaasahang  
makakakuha pa ang mga ito ng ka-  
ragdagang pwesto sa Kongreso. La-  
bis na kinatatakutan ng Malaca-  
ñang na umusbong sa Kongreso  
ang isang signipikanteng bloke ng  
mga progresivo na maaaring epek-  
tibong makipagkumbina sa iba  
pang pwersang anti-Arroyo para  
bumuo ng malakas na oposisyon sa  
rehimen.

Binuo ng Malacañang ang Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) sa pamumuno nina National Security Adviser Norberto Gonzales at Justice Secretary Raul Gonzalez para mag-imbento ng kung anu-  
anong kasong kriminal laban sa  
mga progresibong partido at indi-  
bidwal.

Paspasang sinisikap ng Malaca-  
ñang na makapagsampa ng mga  
gawa-gawang kasong kriminal la-  
ban kina Bayan Muna Rep. Satur

Ocampo at iba pang litaw na mga  
indibidwal at lider ng progresibong  
partido at organisasyon upang ma-  
ibaling sa mga ito ang akusasyon  
sa maramihang ekstrahudisyal na  
pagpatay sa mga aktibista at ma-  
pawalang-sala ang rehimeng mga  
berdugo nito. Sa gayon, pinaiimbento  
ng Malacañang sa IALAG ang  
maraming nilubid na isto-  
rya at kasong kriminal tung-  
kol sa nabubungkal daw nilang  
mga "mass grave" o tambakan  
ng mga bangkay ng mga  
pinaghihinalaang ahente  
ng militar na pinatay  
umano ng BHB.

Ang gawa-ga-  
wang kasong  
isinampa laban  
kay Ocampo at  
51 iba pa kaug-  
nay ng umano'y  
purgahan sa Ba-  
gong Hukbong Bayan sa Leyte ma-  
higit dalawang dekada na ang na-  
karaan ay isa lamang sa 1,500 ka-  
song inihahanda ng IALAG laban sa  
mga progresibong pwersa.

Paghahanda rin ang mga ito ng  
rehimeng Arroyo sa planong idekla-  
rang iligal ang mga progresibong  
organisasyon dahil ang mga ito

umano ay mga "prente" ng Partido  
Komunista ng Pilipinas. Balak ga-  
mitin ng Malacañang bilang instru-  
mento ang pasistang Anti-Terror  
Law, oras na magkabisa ito sa Hul-  
yo. Makapanalo man ng maraming  
kinatawan sa Kongreso ang mga  
progresibong  
partido, isa-  
sangkalan ang  
pagtagtaguri sa  
kanila bilang mga  
"terorista" upang  
mapatalsik silang  
lahat, katulad ng  
ginawang pagsipa sa  
mga kinatawan ng De-  
mocratic Alliance no-  
ong 1950.

Ngunit hindi ito  
basta-bastang maga-  
gawa ng rehimeng. Pa-  
tuloy itong mahigpit  
na tututulan ng mga  
progresibong pwersa  
at mamamayang pu-  
nung-puno ng galit sa sukdulang  
brutal, mapanupil at tusong rehi-  
men.

Ipinamamalas ng mamamayang  
Pilipino ang mataas na antas ng  
determinasyon at militansya. Bu-  
ong-tapang nilang nilalabanan ang  
sukdulang paggamit ng rehimeng sa  
lahat ng kapangyarihan ng pasistang  
estado. Walang pagod nilang  
inilalantad bawat hibla ng kasinu-  
ngalingan at puspusang sinasagu-  
pa nang ngipin-sa-ngipin bawat  
imbing pakana, bawat maruming  
taktika, bawat pambabaluktot sa  
batas at bawat pasistang krimen ng  
rehimeng Arroyo.

Sa panig ng rebolusyonaryong  
armadong kilusan, higit pa mitong  
pag-iibayuhin ang mga taktikal na  
opensiba sa buong bansa upang  
ipagtanggol ang mamamayan, pa-  
rusahan ang mga pasistang krimi-  
nal, mag-ambag sa pagpapabilis ng  
pagbabagsak sa rehimeng Arroyo at  
ibayong maisulong ang rebolu-  
syong Pilipino. AB



# ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 6 Marso 21, 2007

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa  
wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hil-  
gaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa  
Philippine Revolution Web Central na  
matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang Ang Bayan ng  
mga kontribusyon sa anyo ng mga  
artikulo at balita. Hinikayat din ang  
mga mambabasa na magpaabot ng  
mga puna at rekomendasyon sa ikau-  
unlad ng ating pahayagan. Maaabot  
kami sa pamamagitan ng email sa:  
[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan  
ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

### Editoryal

Labanan ang pasistang pandarahas  
at panunupil 1

Rehimeng Arroyo, nahihiwalay  
na sa daigdig 3

Militarisasyon sa Kamaynilaan 4

### Pananalanta ng pasistang estado

Panggigipit sa mga progresibo 5

Pakana laban kay Ka Satur 6

Testigo ni Alston, pinaslang 7

Balita 8

# Rehimeng Arroyo, nahihiwalay na sa daigdig

**K**atulad ng nangyari noon kay Marcos at sa ibang pasistang diktador sa nakaraan, mabilis ngayong nahihiwalay si Arroyo sa buong mundo bunga ng pagkakalantad ng mga pasistang krimen nito. Nauubusan na si Arroyo ng kakampi habang dumarami ang mga organisasyon, mga upisyal ng gobyerno at prominenteng personalidad na nagpapahayag ng pagkabahala kundi man tahasang pagtutol sa kanyang diktadura.

Ang internasyunal na pagkahiwalay ng rehimeng Arroyo ay malalagang tagumpay ng mamamayang Pilipino. Sa kasaysayan ng mundo, nakahanay na si Arroyo sa mga labis na kinamumuhiang diktador tulad nina Marcos at Pi nochet.

**Pagdinig sa Senado ng US.** Nitong Marso 14, isinagawa ng Committee on East Asian and Pacific Affairs sa Senado ng US ang isang pagdinig tungkol sa mga kaso ng pamamaslang sa Pilipinas. Pinangunahan ito ng anti-Bush na senador na si Barbara Boxer, Assistant Majority Leader ng Democratic Party. Isinagawa ang imbestigasyon sa tulak na rin ng mga organisasyong Filipino-American sa US, mga organisasyong relihiyoso at mga progresibong organisasyon.

Kabilang sa mga humarap sa pagdinig na ito sina Bishop Eliezer Pascua, pangkalahatang kalihim ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP); Marie Hilao-Enriquez, pangkalahatang kalihim ng Karapatan, at isang upisyal ng Amnesty International (AI). Tinanggap din ng komite ni Senador Boxer ang panimulang ulat ni Prof. Philip Alston, ang UN Special Rapporteur on Extrajudicial Executions. Nagpadala rin ng testimonyang naka-bidyo si Bayan Muna Rep. Satur Ocampo na hindi nakadalo sa pagdinig dahil sa ipinalabas ng korte na mandamamento de arresto.

Inilahad ng mga tumestigo ang

napakarami nang kaso ng pamamaslang, kabilang ang pagpatay sa 25 taong-simbahang na pawang kakanib ng UCCP, gayundin ang mahigit 129 kasapi ng Bayan Muna. Pawang tinukoy ng mga tumestigo na responsible sa pamamaslang ng daan-daang mga aktbista ang mga elemento ng militar sa Pilipinas. Binatikos ni Ocampo ang walang pagtata-naging pagtar-get ng rehimeng Arroyo kapwa sa mga armado at di-armado pwersa at ang pagturing nito sa Bayan Muna at iba pang hayag na progresibong partido at organisasyon bilang mga prenteng komunista. Aniya, ito ang nasa likod ng tuluy-tuloy na pamamaslang at panggigipit sa mga aktibista ng Bayan Muna, pati na sa mga kinatawan nito sa Kongreso.


Bilang tugon, ipinarerepaso ni Senador Boxer sa State Department ang tulong-pinansyal ng US sa Pilipinas. Aniya, kailangang tingnan kung ang buwis ng mamamayang Amerikano ay nagagamit sa mga pampolitikang pamamaslang at paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas.

Kahit hindi inimbita, nagpala ang rehimeng Arroyo ng mga upisyal ng pulis sa pangunguna ni na PNP Deputy Dir. Gen. Avelino Razon Jr. na namuno sa Task Force Usig at Dir. Edgardo Doromal ng Criminal Investigation & Detection Group (CIDG). Dahil dito, kinastigo ni Senator Boxer ang gubyernong Arroyo sa Pilipinas sa pagpadala nito ng mga di imbitadong pulis sa pagdinig na aniya'y makakapanduro lamang sa mga tumestigo roon.

**Anti-Terror Law, ipinababasura ng UN Special Rapporteur.** Ilang araw bago ito, nanawagan si Prof. Martin Scheinin, ang United Nations Special Rapporteur on the Promotion and Protection of Human Rights and Fundamental Freedoms while Countering Terrorism, na ibasura ang *anti-terror law* na aniya'y labag sa mga internasyunal na alituntunin at pamantayan para sa karapatang-tao.

Sa isang pahayag, tinukoy ni Professor Scheinin ang mga probisyon na Human Security Act (HSA) na direktang taliwas sa mga probisyon ng International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR) at hindi umaayon sa mga pandaigdigang pamantayan sa karapatang-tao. Kabilang sa mga ito ang napakasaklaw na depinisyon ng mga teroristang gawain na taliwas sa Article 15 ng ICCPR.

Aniya, ang mahigpit na pagtakda ng 40 taong pagkakabilango anuman ang bigat ng kaso ay maaaring sumobra sa maraming kaso. Kinwestyon din niya ang kawalan ng kakayahan at ang pagiging ma-



kaisang-panig ng mga ahensyang inatasang tumingin sa mga kaso ng mga detenidong suspek dahil ang mga ahensyang ito ay bahagi ng ehekutibo. Taliwas umano ito sa garantiyang itinatadhana ng Article 9 ng ICCPR na nagsasaad na ang mga kapangyarihang ito ay dapat ipaubaya sa hudikatura.

Binatikos din niya ang probisyon naglilimita sa pagkilos ng mga pinagsususpectsahan kahit wala pang matibay na ebidensya ng pagkakasala.

Bago naglabas si Prof. Scheinin ng pahayag, maaalang naglabas na rin ng panimulang ulat si UN Special Rapporteur on Extrajudicial Executions Philip Alston na tumukoy sa buong establisimyentong militar bilang responsable sa mga pamamaslang ng mga aktibista. Ang UNHRC Special Rapporteur para sa mga kaso ng *enforced disappearances* o pagdukot ay hinihikayat ding magsiyasat sa Pilipinas dahil sa napakarami nang kaso ng mga pagdukot na ginagawa ng mga armadong pwersa ng estado.

**Sa New Zealand at European Union.** Isang prominenteng personahe sa New Zealand, si Prof. Jane Kelsey, ang sumulat kay Prime Minister Helen Clark para hilingin sa kanya na muling kausapin si Gloria Arroyo tungkol sa mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas. Maaalang nauna nang nagpahayag ng pagkabahala si Prime Minister Clark nang tumungo siya sa Pilipinas noong nakaraang taon. Subalit ayon kay Professor Kelsey, walang katuran ang ibinigay na katiyakan ni Arroyo kay Clark. Hiniling niyang muling kausapin ni Prime Minister Clark si Arroyo at igiit na dapat nang ihinto ang mga pampulitikang pamamaslang at pagkukulong ng mga progresibong aktibista.

Maging ang European Commission, mga gubyerno at parlamento kabilang ang mga nasa Canada, Belgium, Finland, New Zealand at

marami ring mga organisasyon ng simbahan sa iba't ibang dako ng daigdig ay nagpahayag ng pagkundena at nagbabalak din ng kani-kanilang mga imbestigasyon sa mga nagaganap na karahasan ng estado at panunupil ng rehimeng Arroyo sa mga progresibong pwersa at sibilyan.

**Permanent People's Tribunal.** Nakatakdang ilunsad sa mga susunod na araw ang ikalawang sesyon ng Permanent People's Tribunal (PPT) na nauna nang nagsakdal sa rehimeng Arroyo. Kabilang ang mga kaso ng pamamaslang at paglabag sa mga karapatang-tao sa mga kasong didinggin ng PPT. Bukod sa pagsusumite ng pinal na ular nila sa UNHRC, magsusumite rin ang Alston Mission ng kopya nito sa PPT.

**International Parliamentary Union.** Sa darating na Mayo, muling bibisita sa bansa ang mga kinatawan ng International Parliamentary Union upang imbestigahan ang patuloy na pagkakakulong kay Rep. Crispin Beltran ng Anakpawis at ang isinampang kaso laban kay Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna.

**ALRC.** Tinawag ding bulok ng Asian Legal Resource Center (ALRC) ang sistemang hudisyal sa Pilipinas dahil sa kainutilan ng pulisya at mga korte na imbestigahan at lutasin ang mga paglabag sa karapatang-tao. Ang ALRC, na naglabas ng isang 192-pahinang ular tungkol sa sistemang hudisyal sa Pilipinas, ay isang organisasyon ng mga abugado na nakabase sa Hong Kong. AB

## Militarisasyon sa Kamaynilaan

**M**ariing binatikos ng mga residente ng mga maralitang komunidad sa Metro Manila ang patuloy na militarisasyon sa kanilang mga lugar at ang panggigipit sa mga lider at myembro ng mga progresibong partido. Hindi mapagtakpan ng AFP ang maitim na layuning naturang deployment ng mga sundalo kahit pang-upisinang uniporme na lamang ang ipinasusot sa kanila sa halip na unipormeng pangkombat.

Sa Tondo, iginiit ng mga residente kasama ang mga taong-simbahan at mga nagtaguyod ng karapatang-tao ang pag-alis ng mga SOT na namamalagi roon mula pa noong Nobyembre. Pinagbabawalan ng mga sundalo ang mga tao na sumama sa mga protesta at nangangampanya sila laban sa mga progresibong partido.

Sinimulan naman ng Kabataan Party noong Marso 12 ang kampaña para mangalap ng isang milyong pirma laban sa presensya ng militar sa mga eskwelahan at barangay sa Metro Manila.

Binatikos ng Kabataan Party ang pananakot at pagmamanmang ginagawa ng mga sundalo sa mga lider kabataan. Sa lahat ng mga porum na inisponsor ng AFP sa mga eskwelahan, matapang silang hinirap ng mga estudyante at pinasinungalingan ang kanilang mga pambabaluktot laban sa mga progresibong organisasyon.

Pinaplanan rin ng AFP na magdeploy ng SOT sa mga komunidad na Moro sa Metro Manila, ayon kay Brig. Gen. Delfin Dolorfino, kumander ng NCR Command. Pupuntahan daw nila ang mga moske para "makipagdayalogo" sa mga tao gaya ng ginawa nila sa mga eskwelahan sa Metro Manila kung saan sinisiraan nila ang mga progresibong partido at tinatakot ang mga estudyante para huwag sumapi sa mga militanteng organisasyon. AB



# Panggigipit sa mga progresibo, pinag-iibayo

**H**abang papalapit ang eleksyon sa Mayo, lalong tunitindi ang mga kaso ng paniniil at panggigipit sa mga kandidato at kasapi ng mga progresibong partido.

Nitong Marso 16, inaresto ng mga tauhan ng Philippine National Police (PNP) si Bayan Muna Rep. Satur Ocampo sa bisa ng gawa-gawang kaso ng pagpatay na isinampa sa Leyte laban sa kanya, kay Prof. Jose Ma. Sison at 50 iba pa. Dinakip si Ocampo matapos siyang magsampa ng petisyon sa Korte Suprema para kwestyunin ang kanyang kaso at magpresenta ng mga ebidensyang magpapawalang-sala sa kanya.

Iniutos ng korte na pansamantala siyang panatilihin sa kustodiya ng PNP sa National Capital Region habang hinihintay ang pagdining ng Korte Suprema sa kanyang petisyon. Sa kabila nito ay sapilitan siyang isinakay sa isang eroplano patungong Leyte noong madaling araw ng Marso 19. Nagpalusot ang pulisya na hindi pa umano nila natatanggap noon ang upisyal na kautusan ng korte. Napilitan ang PNP na ibalik si Ocampo sa Maynila sa kalagitnaan ng byahe nang matanggap na nila ang nakasulat na utes ng korte sa Leyte na hindi na dapat ituloy ang pagdala kay Ocampo roon.

Bukod sa ligal na balakid, nagpatung-patong na rin ang pampulitikang sagutin ng rehimeng Arroyo nang tuligsain ng iba't ibang sektor ang mararahas na hakbang ng gubyernong Arroyo laban kay Ocampo.

Ang Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) at Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ng Malacañang ang utak sa pagsasampa ng kaso laban kay

Ocampo at 51 iba pa. Pinararangan si Ocampo na nag-utos ng pagpatay sa mga taong nahukay sa isa umanong *“mass grave”* sa Sapang Daku, Barangay Caulisan, Inopacan, Leyte. Pinalalabas ng AFP na ang mga nakalibing doon ay mga biktima ng *“purgahan”* sa hanay ng Bagong Hukbong Bayan.

Mariin ding kinundena ni Professor Sison ang isinampang kaso laban sa kanila. Aniya, ginagamit ito ng rehimeng Arroyo upang pagtakpan ang lumalalang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa.

Katulad ni Sison, binigyang-din ni Ocampo na siya noon ay nakakulong sa *maximum security prison* ng militar. Ayon din sa peti-

syon ni Ocampo, puro kasinungalingan ang paratang ng militar dahil lima sa mga kalansay na ebidensya sa kasong pagpatay laban sa kanya sa Inopacan, Leyte ay dati nang nahukay umano ng militar sa Barangay Monterico, Baybay, Leyte noong 2002. “Naglilipat-lipat si (AFP Chief-of-staff Hermogenes) Esperon ng mga bungo,” ani Ocampo.

Bukod rito, ani Ocampo, ang piskal na humawak ng kaso sa Baybay ay siya ring humahawak ng kaso ngayon sa Inopacan, at pareho rin ang testigo sa dalawang kaso. Subalit hindi binanggit ng natrang testigo ang pangalan ni Ocampo noong 2002.

Ayon naman sa mga residente ng Inopacan na nakapanayam kamaikan ng *Ang Bayan*, hindi *“mass grave”* ng mga biktima ng purgahan ang libingang hinukay ng militar sa Inopacan kundi ordinaryong sementeryo. Matinding pananakot at mga pagbabanta ang ginagawa ng AFP sa mamamayan doon para pigilan silang magsalita at





pabulaanan ang kasinungalingan. Katunayan, marami sa mga residente ang nagsilikas na dahil sa takot.

Ayon naman sa Mt. Amandewin Command, lokal na kumand ng BHB sa Leyte, ang saksing ipinrisinta ng militar na si Zacarias Piedad ay dating myembro ng BHB na itiniwala dahil sa pagtatraydor at matinding paglabag sa mga patakaran ng BHB. Nasangkot siya sa iba't ibang gawaing kriminal at may panahong nakulong pa siya dahil sa pagnakaw. Nirekrut siya ng AFP bilang elemento ng CAFGU at naging aktibo siyang bayarang ahente ng militar. Noong panahong umano'y naksikan niya ang pag-uutos ni Ocampo sa pamamaslang, ni hindi siya nakatalaga sa naturang lugar.

Kasabay ng pinaigting na harassment kay Ocampo, minamanman na rin ang mga upisina ng mga progresibong partido. Ilang araw nang binabantayan ng mga elemento ng PNP at CIDG ang mga upisina ng Kilusang Mayo Uno, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Anakpawis at iba pang organisasyon. Lulan ng sasakyan ang mga naniniktk habang kinukunan ng litrato ang mga naturang opisina.



## Pagdumog kay Ka Satur sa Leyte, binalak ng Malacañang

**I**sang barangay grupo ng mga *vigilante* ang naghihintay sana sa paglapag ni Ka Satur Ocampo sa Hilongos, Leyte noong Marso 19 para dumugin siya at ipahiya.

Ayon sa mga ulat, isang araw bago ang nakatakdang pagdala roon sa progresibong mambabatas, nagpaskil na ng mga poster sa buong bayan ang mga tim ng mga sundalo na nang-aalipusta sa kanya at isang *van* ang nag-iikot at nagbobrodkas ng mga paninira laban sa kanya. Ito ay para lumikha ng kundisyon para sa imbing pakana ng Malacañang na dumugin umano si Ka Satur ng mga galit na residente. Sa aktwal, ang mga ito ay mga grupo ng mga anti-komunistang *vigilante* na pinakikilos ng AFP upang dumugin si Ka Satur oras na dumating siya sa Hilongos. Ang plano ay palalabasin ng PNP na nawalan na sila ng kontrol sa pagdagsa ng mga taumbayan at hindi na nila naprotektahan si Ka Satur.

Minamadali sana ng Malacañang na ilusot ang kanilang malagim na pakana bago dumating ang nakasulat na kautusan ng korte na ibimbin muna si Ka Satur sa Maynila. Sa huli ay dumating ang kautusan habang nasa ere na ang eroplanong sinasakyan ni Ka Satur at inulan ng matitinding batikos mula sa iba't ibang sektor ang ginawang makahayop na pagtrato sa kanya. Kaya napilitan ang Malacañang na iatras ang plano at iutos ang pagbabalik kay Ka Satur sa Maynila.

AB

Sa Batangas City, hinaras ng AFP ang mga kasapi ng Samahang Magsasaka sa Batangas-KMP habang nangangampanya sila.

Binatikos naman ng Anakpawis ang harassment sa kanilang partido. Ani Rep. Rafael Mariano, tinutugis ng Malacañang at AFP ang ligal na kilusan at bahagi ng pasistang pang-aatake rito ang diskwalipikasyon, pagpatay at panunupil. Bumabalik, aniya, ang panahon ng batas militar dahil sa patuloy na mga atake ni Arroyo sa mamayan. Nangako siyang lalabanan at bibiguin ng Anakpawis ang mga pang-aatakeng ito.

Sa Iloilo City, binatikos ng mga militanteng organisasyon ang tangka ng mga galamay ng rehimeng Arroyo na sunugin ang upisina kung saan inihahanda ang mga istrimer, poster at iba pang mater-

yales na pangampanya ng Bayan Muna (BM), Gabriela Women's Party, Anakpawis at Kabataan Party sa Barangay Sto. Niño Sur, Arevalo District. Hinagisan ng mga naka-motorsiklong lalaki ng mga *molo-tov* ang upisina noong madaling araw ng Marso 18. Bahagyang sunog ang bubong ng upisina.

Nangunguna ang BM, Anakpawis at Gabriela Women's Party sa mga huling sarbey ng SWS at Pulse Asia. Lumabas sa mga sarbey na ito na mahihigit pa ngayon ng tatlong nangungunang partido ang mga nakamit nila noong eleksyon ng 2001 at makapagpupwesto sila ng maksimum na tig-tatlong kintawan sa Kongreso. Sa sarbey ng Pulse Asia ay kabilang din ang Kabataan Party sa mga bagong partidong malamang na manalo sa eleksyon sa *party-list*.

AB

# Testigo sa imbestigasyon ni Alston, pinaslang


**A**ng karumal-dumal na pagkakapaslang sa isang testigong taga-Misamis Oriental na humarap sa Alston Mission para idiin ang AFP sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay ang pinakatampok sa pinakahulung mga kaso ng karahasang militar na nakalap ng *Ang Bayan* mula huling bahagi ng Pebrero hanggang unang bahagi ng Marso.

**Marso 13.** Pinatay ng apat na Council. nakamotorsiklo si Carlito Getrosa sa Barangay Midpapan, Pigcawayan, North Cotabato. Si Getrosa, 49, ay myembro ng partidong Bayan Muna. Binaril siya sa harap ng kanyang pamilya at mga kaibigan sa kanyang tahanan.

Pawang nakamas-kara at naka-*combat boots* ang apat na salarin na tumakas sa kay ng dalawang motorsiklo.

**Marso 10.** Pinaslang si Siche Bustamante-Gandinao ng isang elemento ng *death squad*. Naganap ang pamamaslang ilang dipa lamang mula sa isang detatsment ng 9th IB sa Sityo Nabuolan, Barangay Guinalaban, Saway, Misamis Oriental. Binaril si Gandinao habang naglalakad siya kasama ang kanyang asawa at mga anak pauwi sa kanilang tahanan mula sa kanilang taniman. Apat na bala ang tumama sa kanyang ulo at katawan.

Si Gandinao, 56, ay myembro ng Misamis Oriental Farmers Association (MOFA) at ng Bayan Muna. Ang pagpaslang kay Bustamante-Gandinao ay isinagawa wala pang isang buwan matapos siyang tumestigo sa isinagawang imbestigasyon ni Prof. Philip Alston, Special Rapporteur on Extrajudicial, Summary or Arbitrary Executions ng United Nations Human Rights



Testigo si Gandinao sa pagpaslang noong Pebrero 8 kay Dalmacio "Tatay Daki" Gandinao, tagapangulo ng MOFA at *provincial coordinator* ng Bayan Muna sa Misamis Oriental. Katulad ni Tatay Daki, si Siche ay aktibo sa kampanya laban sa militarisasyon at sa mga paglabag ng militar sa karapatang-tao sa kanilang lugar.

Ayon kay Elda, anak ng biktima, na-kita niyang sinundan sila ng salaring naka-motorsiklo matapos dumaan sa detatsment. Tumakas ang salarin papunta sa direksyon ng detatsment matapos ang pamamaril. Nang tumawag ng tulong si Elda, isa pang motorsiklo ang lumapit sa kanila at pagkatapos ay pumunta sa detatsment. Bumalik ang motorsiklong ito sa kanila kasama ang isa pang motorsiklo lulan ang mis-mong salarin.

Kunwa'y kinasuhan na ng rehimen ng pagpapabaya ang dalawang elemento ng CAFGU at isang sundalong nakatalaga noon sa "kabiguan" nilang rumesponde sa paghingi ni Elda ng saklolo.

Pangalawa na si Siche Gandinao sa mga tumulong sa imbestigasyon ni Professor Alston na pinaslang. Nauna nang iniulat ng AB ang pagkakapaslang nito lamang Marso 2 kay Renato Torrecampo Pacaide,

pangkalahatang kalihim ng Nagkahiugang Mag-uuma sa Davao del Sur at *provincial coordinator* ng Anakpawis. Isa si Pacaide sa mga nangasiwa sa mga panayam ng Alston Mission sa mga testigo sa eks-trahudisyal na mga pamamaslang.

**Marso 2.** Pinatay ng isang elemento ng *death squad* sa Morong, Bataan si Felisa Ocampo, 59, *coordinator* ng Bayan Muna sa naturang bayan. Pinagbabaril siya sa harap ng tindahan ng kanyang kapatid mga alas-7:30 ng umaga. Ayon sa mga saksi, sumakay sa isang kotse ang salarin kasabay ng tatlong iba pa. Kasunod ng kotse ang isang motorsiklong may sakay na dalawa pang lalaki.

Bago ito, apat na sundalo ang naghanap kay Ocampo sa kanyang bahay noong Marso 1. Nakitulog sa bahay ng kanyang kapatid si Ocampo noong gabing iyon subalit doon siya inabutan kinabukanan ng mga berdugo.

**Pebrero 26.** Tinangkang duktin at paslangin ng apat na lalaking armado ng mga armalayt si Eduardo Macapagal, 56, sa kanyang bahay sa Barangay Bulaus, Masantol, Pampanga. Napilitang umatras at nagkasya na lamang sa pagbabanta ang mga lalaki nang tumanggi ang kanyang pamilya na bitawan si Macapagal.

Napag-alaman ng pamilya na ang sasakyang ginamit ng apat na lalaki ay pag-aari ng barangay na hiniram noong araw na iyon ng isang Sergeant Lumasac. Ayon sa kapitan ng barangay, si Lumasac ay isa sa mga sundalong nakadeploy sa Macabebe, Pampanga para pigilin diumano ang mga pampulitikang pamamaslang. Ayon sa Anakpawis-Central Luzon, malinaw na ipinakikita ng kasong ito ang direktang ugnay ng mga sundalo sa mga pamamaslang.

## Pandaraya sa eleksyon, bwelong-bwelo na

**M**adaling araw noong Marso 11, tinupok ng apoy Mang lumang gusali ng COMELEC sa Maynila. Nabiabong katakut-takot na mahahalagang dokumento kabilang ang mga balotang magsisilbi sanang ebidensya sa dayaan sa eleksyon noong 2004 at mga papeles sa beripikasyon ng mga grupong nais lumahok sa eleksyon *party-list* ngayong taon.

Kahina-hinala ang hindi agad pagresponde ng mga bumberong nakahimpil isang kanto lamang ang layo sa gusali. Masyado nang malaki ang apoy nang dumating ang mga bumbero sa lugar. Ayon mismo sa kumander ng istasyon ng bumbero, bihira sa naturang lugar ang mga sunog na hindi agad naiuulat sa kanila.

Ang di maipaliwanag na pag-alis ng mga Marines na naggugwardya sa gusali bago sumiklab ang sunog ay nagpapatibay sa paniniwala ng marami na ang sunog ay kagagawan ng mga tauhan ng gubyerno. Bukod sa posibilidad na bahagi ito ng pagsisikap ng Malacañang na pagtakpan ang dayaan noong 2004, maaaring hakbang din ito



para hindi matuloy ang eleksyon sa Mayo, kung saan pinakamalamang na manalo ang mga kalaban ni Gloria Arroyo.

Isang linggo naman bago ang sunog, tatlong employado ng National Printing Office (NPO) ang nahuling kumokopya ng mga *serial number* ng mga balotang gagamitin sa darating na eleksyon. Pinaniniwalaang paghanda para sa paggawa ng mga huwad na balotang gagamitin sa pandaraya.

Ang NPO, na siyang upisyal na tagaimprenta ng mga dokumento para sa eleksyon, ay pinamumunuan ni Felipe Evardone na sangkot sa mga kaso ng katiwalian sa kanyang upisina. Kapatid siya ni Gov. Ben Evardone ng Eastern Samar na ngayo'y campaign manager ng TEAM Unity ng administrasyon Arroyo. Ang paghirang sa kanya sa naturang pwesto ay bahagi rin ng paghahanda para dayain ang nalalapit na eleksyon.

### 3.4 milyong pamilya, nagugutom—SWS

UMAABOT sa 19% o 3.4 milyong pamilya sa Pilipinas ang nakaranas ng gutom nitong nagdaang tatlong buwan. Ito ang resulta ng sarbey na isinagawa ng Social Weather Stations (SWS) mula Pebrero 24 hanggang 27. Ito na ang pinakamataas na tantos ng kagutuman na naitala ng SWS mula noong 1998.

Pinakamalala ang gutom sa Kamaynilaan kung saan tumaas ang porsyento ng mga pamilyang nagugutom mula 17.7% noong Nobyembre 2006 tungong 20.7% nitong Pebrero. Tumaas din ito mula 17.7% tungong 18.3% sa iba pang lugar sa Luzon.

Sa halip na harapin ang lumalalang problema ng kagutuman, may gana pa si Gloria Arroyo na sabihing kaya lamang daw malaki ang bilang ng mga nagugutom ay dahil mas ginagastusan ng mamamayan ang mga luho tulad ng *cellphone*, alak at sigarilyo.

### Pilipinas, pinakatiwaling bansa sa Asya

ANG Pilipinas na ngayon ang pinakatiwali sa 13 bansa sa Asia na sinarbey ng Political and Economic Risk Consultancy (PERC), ayon sa ulat nito noong Marso 13. Naungusan nang husto ng Pilipinas ang Indonesia na pumapangalawa ngayon kasama ang Thailand. Kinumpirma lamang ng PERC ang dati nang nabunyag na laganap na korapsyon ng rehimeng Arroyo at ang pakitang-taong kampanya nito laban sa korapsyon na pinaglaanan pa ng ₱2 bilyon.

Ginawa ang sarbey ng PERC mula Enero hanggang Pebrero kung saan kinapanayam nila ang mahigit 1,400 dayuhang negosyante sa Asia. Karamihan sa kanila ay nagpahayag na sumahol pa ang korapsyon sa Pilipinas sa kabilang paulit-ulit na pangangal-dakan ng rehimeng Arroyo na sinusugpo nito ang korapsyon.

## Maraming nasusuklam kay Arroyo

TANDA ng sukdulang pagkakahiwaya ng pekeng presidenteng si Gloria Macapagal-Arroyo, sinigawan at ipinahiya siya ng mga dumalo sa isang aktibidad na pinuntahan niya.

Noong Marso 8, Araw ng Kababaihan, sa halip na palakpak ang isalubong sa kanya ng libu-libong empleyadong kababaihan ay sigaw at kahihyan ang natamo niya sa Ninoy Aquino Stadium sa Manila. Inasahan ni Arroyo na matutuwa ang mga nagsidalo dahil sa kanyang programa ng *microfinancing*, ngunit laking gulat niya nang wa-

lang natamasang pakinabang sa kanyang ipinangalandakang programa ang kahit isa sa mga nagsidalo. Tinanong din sila ni Arroyo kung nakatanggap na sila ng ₱1,000 bawat buwan na dagdag-sahod. Ang sagot ng kababaihan ay maugong na "Wala!"

Para mapagtakpan ang kahihyan ni Arroyo, pinalabas na lamang ng kanyang mga tagapagsalita na mali diumano na grupo ang kanyang napuntahan. Pinulong umano ni Arroyo ang mga nagorganisa ng aktibidad at sinabon sila nang husto.

## Kahayupan ng 74th IB sa San Narciso, Quezon

ISANG Pulang mandirigmang nadakip ng kaaway sa isang labanan sa San Narciso, Quezon ang naging biktima ng matinding kahayupan ng mga tropa ng 74th IB.

Si Roval Belaryo (Ka Elor), gradweyt ng Philippine Normal University, ay natamaan nang salakayin ng pasistang militar ang kanilang hinihimpilan noong madaling araw ng Nobyembre 25, 2006. Nagawa pa siyang iatras ng kanyang mga kasama at pansamantalang itago habang naghahanap ng bangkang magagamit para mailayo siya at iba pang sugatan at maipagamot. Subalit nang balikan na siya ay hindi na siya matagpuan.

Nakuha ng militar nang buhay ang sugatang si Ka Elor at ipinailim sa matinding tortyur. Ayon sa salaysay ng mga magsasakang nakasaksi, nang hindi mapaamin ng mga berdugo si Ka Elor sa kanilang pinagtatanong, ipinalapa siya sa asong kasa-kasama ng mga sundalo tuwing naglulunsad ang mga ito ng operasyong panunugis. Palakpakan at hagalpakan ang mga demonyong militar habang pinanood nila ang labis nang naghihirap na kasama hanggang sa matay ito.

Para mapagtakpan ang kanilang kahayupan, pinalabas ng 74th IB na nagkaroon ng engkwento noong Nobyembre 29 at dito namatay si Ka Elor.

Dagdag na hinaggis ang inabot ng pamilya ni Ka Elor nang isang buwan silang pabalik-balik sa munisipyo ng San Narciso bago nila makuha ang kanyang bangkay para maipalibing. Ito'y dahil hindi makapag-isyu ng *death certificate* ang mga mediko-ligal ng pulisya ng San Narciso dahil hindi nila maitala na ang tunay na sanhi ng pagkamatay ni Ka Elor ay ang pagpapalapa sa kanya sa aso. Sa hulay nakuha rin ng pamilya ang kanyang mga labi sa paggigiit ng mga tagapagtuguyod ng karapatang-tao, subalit wala nang banggit sa *death certificate* tungkol sa tunay niyang ikinamatay.

## Mga sibilyang Afghan, pinagbabaril ng mga sundalong Amerikano

DI kukulangin sa 16 na sibilyang Afghan ang namatay at 34 ang malubhang nasugatan nang pagbabarilin sila ng mga sundalong Amerikano noong Marso 4 sa Jalalabad, Afghanistan. Walang patumgang pinagbabaril ng mga sundalo ang lahat ng sasakyang dumaraan noon sa isang mataong haywey matapos nilang makasagupa ang mga gerilyang Afghan. Ang naturang mga tropa ay bahagi ng mananakop na koalisyon ng pinamumuan ng US.

Tyempong nakunan ng litrato ng mga potograper ng Associated Press ang nangyaring masaker, partikular ang pamamaril ng mga tropa ng US sa isang sasakyang may lulang tatlong sibilyan. Subalit kinumpiska ang mga kamera ng mga potograper at saka binura ang mga litrato ng pamamaril. Pinagbawalan silang ipalabas ito sa telebisyon o pahayagan.

Binatikos ng mga potograper ang pagsira sa kanilang mga litrato at balak nilang sampahan ng kaso ang mga sundalo.

Nang kumalat na sa publiko ang balita, naglunsad ang mga Afghan ng mga kilos protesta para kundenahin ang masaker. Kinundenan rin nila ang patuloy na okupasyon ng US sa kanilang bansa at ang pakikipagsabwatan ng tutang rehimeng ni Presidente Hamid Karzai sa mga mananakop.

Kinabukasan, siyam pang sibilyan ang napatay nang bombahin ng mga pwersang mananakop ang isang bahay sa lalawigan ng Kapisa, sa hilaga ng Kabul.

Mahigit 800 sibilyang Afghan ang nasawi noong 2006 dahil sa mga atake ng mga mananakop.

## Pagbisita ni Bush sa Latin America, sinalubong ng protesta

SINALUBONG ng malalaking kilos protesta ang pagbisita ni Pres. George W. Bush ng US sa limang bansa sa Latin America noong ikalawang linggo ng Marso.

Mahigit 6,000 mamamayan ang nagmartsa sa Sao Paulo, Brazil para batikusin si Bush. Sa lunsod ng Porto Alegre, sinunog ang *effigy* ni Bush sa rali ng mahigit 500 katao. Sa Rio de Janeiro, sinabuyan ng mga nagprotesta ng pulang pintura ang konsulada ng US bilang simbolo ng kanilang galit.

Sa Colombia, 200 nakamaskarang estudyante ang nagpintura ng mga islogang anti-US sa mga pader ng Bogota National University. Nanawagan silang ibasura ang US-Colombia Free Trade Agreement na pinir-mahan noong Nobyembre 2006. Inakusahan din nila ang US ng panghahimasok sa mga panloob na usapin ng Colombia sa pamamagitan ng pagpapadala ng \$700 milyong ayudang militar bawat taon.

Sa Buenos Aires, Argentina, pinangunahan ni Pres. Hugo Chavez ng Venezuela ang isang anti-US na rali na dinaluhan ng 20,000 katao. Kinundena ni Chavez ang mga imperyalistang patakaran ng rehimeng Bush. Binatikos din niya ang umano'y tulong na ipinapangako ni Bush na aniya'y pananabotahe at panlilinlang sa mamamayan.

Sa Uruguay, nagrali ang mahigit 6,000 katao. Pinuntirya nila ng mga bato ang McDonalds, isang Amerikanong kainan, habang paparating si Bush sa kanyang hotel lulan ng isang *bullet-proof* na kotse. Ang martsa ay inorganisa ng isang pederasyon ng mga unyon ng manggagawa at iba pang grupo.

Sa Asuncion, Paraguay, nagprotesta rin ang ilang mamamayan sa tapat ng embahada ng US kahit hindi dumaan doon si Bush.

Sa Guatemala, gumawa ang mga lider-katutubo ng mga ritwal para "linisin" ang mga sagrado nilang lugar sa Iximche at maitaboy ang anila'y masasamang ispiritong hatid ng pagbisita ni Bush doon. Binatikos ng mga militanteng Guatemalan ang panggipit ng rehimeng Bush sa mga migranteng nasa US at ang paglulunsad nito ng gerang agresyon.

Sa Mexico, ang huling bansang binisita ni Bush, nagmartsa ang daan-daang demonstrador noong Marso 13 sa harap ng embahada ng US. Nilabanan ng mga nagprotesta ang *riot police* at sinira nila ang mga barikada. Nagsunog sila ng bandila ng US. Marahas na binuwag ng mga pulis ang kanilang hanay.

## 53 pulis, namatay sa reyd ng mga gerilya sa India

LIMAMPU'T tatlong pulis ang namatay nang lusubin ng mga gerilya sa ilalim ng Communist Party of India-Maoist (CPI-M) ang isang himpilan ng pulisia sa Rani Bodli, Raipur, sa estado ng Chhattisgarh noong Marso 14. Namatay sa opensiba ang 37 upisyal at 16 na karaniwang pulis.

Mahigit 40 taon nang naglulunsad ng digmang bayan ang CPI-M. Ayon sa mga ulat, kontrolado na ngayon ng CPI-M ang 10 sa 16 na distrito sa buong Chhattisgarh at may presensya rin ito sa 14 na iba pang estado sa India.

Nagbigay-pugay ang PKP sa CPI-M sa pinakahuli nitong mga tagumpay. Anang PKP, "Ang tagumpay ng taktikal na opensiba ng ating mga kasamang Indian noong Marso 14 ay umaalingawngaw sa buong daigdig at nagbibigay-inspirasyon sa lahat ng inaapi at pinagsasamantalahan mamamayan na magrebolusyon at isulong ang kanilang pakikibaka laban sa reaksyunaryong paghahari at sistema sa kani-kanilang bansa."

## Mga rali sa anibersaryo ng gera sa Iraq, inilunsad

DAAN-DAANG libong mamamayan sa US at iba pang bansa ang nagrali mula Marso 17 para gunitain ang ikaapat na anibersaryo ng pagsalakay ng US sa Iraq nitong Marso 20 at igiit ang agarang pagtatapos ng gera.

Sa US, pinangunahan ng koalisyon United for Peace and Justice ang mga martsa sa iba't ibang lunsod. Libu-libo ang sumama sa mga kilos-protesta sa mga syudad ng New York, Washington DC, San Francisco, Portland at iba pa.

Sa labas ng US, pinakamalaki ang naging pagkilos sa Spain, kung saan umabot sa 100,000 ang dumalo. Naglunsad rin ng mga martsa-rali sa iba pang kabisera sa Europe at sa Australia.

Samantala, sa US, nakatakdang pagbotohan sa US House of Representatives ang panukalang pauwin na ang mga tropa ng US sa Iraq pagsapit ng Setyembre 1, 2008 o mas maaga pa. Patuloy na nagma-matigas si Pres. George W. Bush ng US laban sa anumang planong kagyt na tatapos sa gera sa Iraq.

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 6

Marso 21, 2007

www.philippinerevolution.net

*Editoryal*

## Labanan ang pasistang pandarahas at panunupil

**T**uluy-tuloy na dumarami at lumalawak ang hanay ng mga organisasyon at mga indibidwal sa loob at labas ng bansa na bumabatikos sa walang humpay na kampanya ng pampolitikang pamamaslang laban sa mga kasapi at lider ng mga progresibong organisasyon. Subalit lahat ng ito'y pawang inaalipusta ni Gloria Arroyo sa pagpapatindi ng pasistang pamamaslang, pandarahas at pang-aatake ng kanyang mga armadong tauhan laban sa mamamayan kasabay ng kanyang pagmaang-maangan at pagpapabalat-bunga tungkol sa "pag-iral pa rin ng demokrasya."

Nitong nakaraang mga linggo, kasabay ng marami pang pagpatay, partikular na tinarget ng mga *death squad* ng militar ang mga tumulong at tumayong saksi noong Pebrero sa imbestigasyong isinagawa ng United Nations sa laganap na pamamaslang.

Wala pang dalawang linggong nakaaalis sa bansa ang misyong pinamunuan ni Prof. Philip Alston, UN Special Rapporteur for Extrajudicial Executions, pinaslang sa Digos City si Renato Torrecampo Pacaide, isang lider magsasaka na tumulong na makapanayam ng misyon ang mga saksi at pamilya ng ilang biktima. Makalipas ang walong araw, pinaslang naman ng militar si Siche Gandinao, isang lider-magsasaka na tumestigo laban sa AFP sa naturang imbestigasyon. Nagbanta ang militar na isusunod na rin ang isa pang saksi, ang kapatiid ni Siche na si Divina.

Ang pagpatay sa mga saksi sa mga pamamaslang ay nagpapatampok sa lubos na kalupitan at kawalang-pakundangan ng mga pasistang pinuno at galamay ng rehimeng Arroyo. Desperado silang lipulin ang pinaka-



masusugid na mga pwersang naglalantad at bumabatikos sa pasistang mga krimen ng rehimeng Arroyo at iba pang mabibigat na kasalanan nito sa bayan.

Kasabay ng tuluy-tuloy na pamamaslang, lalong pinatitindi at pinapaspasan din ng rehimeng Arroyo ang katuwang nitong taktika—ang paglulunsad ng maruruming "ligal" at ekstralgal na paraan ng paninira, panggigipit at panunupil sa mga progresibong pwersa at sa mga organisasyon, partido at lider nila.

Layunin ng rehimeng Arroyo na itulak ang mga ito sa labas

**Mga tampok sa isyung ito...**

Militarisasyon sa Kamaynilaan **PAHINA 4**

Panggipit sa mga progresibo, pinag-iibayo **PAHINA 5**

Pakana laban kay Satur Ocampo sa Leyte **PAHINA 6**

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)